


COVID-19 AT MGA KATUTUBONG MAMAMAYAN

Mga Hamon, Epekto at mga Tugon

ANO ANG COVID-19?



Ang Coronavirus disease 2019 o COVID-19 ay isang malubha at nakahahawang sakit na dulot ng isang bagong virus; mahigit 5 milyong katao sa 218 na mga teritoryo na sa buong mundo ang nahawa na nito. Sa kasalukuyan, (Hunyo 2020), may humigit-kumulang nang 400,000 katao ang naiuulat na namatay dahil sa virus ayon sa John Hopkins Coronavirus Resource Center.*

* Mga namatay sa buong mundo ayon sa John Hopkins Coronavirus Resource Center.

PAANO KUMAKALAT ANG COVID-19?

Ang COVID-19 ay isang bagong uri ng sakit sa baga na nangangailangan pa ng mas masusing pag-aaral. Sa pangkalahatan, ang mga sakit sa baga ay naikakalat o naipapasa sa pamamagitan ng mga sumusunod:

Direkta o hindi direktang pakikisalamuha sa isang nahawang tao



Paglanghap sa mga talsik ng laway mula sa pakikipag-usap, pagbahing o pag-ubo ng nahawang tao





Aerosol sa malayuang pagkalat (airborne transmission) - ang virus ay maaaring manatili sa ibabaw ng mga bagay (papel, metal, kahoy) na maaaring tumagal ng ilang oras hanggang ilang araw depende sa uri ng bagay.

ANO ANG MGA SINTOMAS NG COVID-19?



Ang mga sumusunod ay ilan sa mga sintomas na maaaring mag-iba-iba sa bawat tao. Gayundin, may ilang mga indibidwal na maaaring mahawa nang hindi nagpapakita ng anumang sintomas o nakararamdam ng anumang sakit (asymptomatic).

MGA KARANIWANG SINTOMAS

- lagnat
- tuyong ubo/ubong walang plema
- pagkapagod/ pagkahapo

HINDI PANGKARANIWANG SINTOMAS

- sakit at kirot ng katawan
- pananakit ng lalamunan
- pagtatae
- pamumula ng mata
- sakit ng ulo
- pagkawala ng panlasa o pang-amoy
- pantal sa balat, o pag-iiba ng kulay ng mga daliri sa kamay o paa

MALALANG SINTOMAS

- hirap o pangangapos ng paghinga
- paninikip o pamimigat ng dibdib
- pagkawala ng panlasa at pang-amoy

Pinagmulan: Centers for Disease Control and Prevention (https://www.cdc.gov)


1 Roman Ayson Road, Baguio City 2600, Philippines
Tel. No. +63 74 444 7703
www.tebtebba.org
tebtebba@tebtebba.org
facebook.com/tebtebbapage
twitter.com/tebtebba

Mga Kredito: Malaking bahagi ng info-material na ito tungkol sa mga epekto ng COVID-19 at mga hakbang na ginagawa ng mga katutubo para masugpo ang COVID-19 ay salig sa mga ambag at report ng mga kasamahan naming mga indigenous partner organizations.



MAY MGA GAMOT AT BAKUNA NA BA LABAN SA COVID-19?

Sa kasalukuyan, wala pang aprubadong gamot at bakuna laban sa COVID-19. Gayunman, abala ang mga siyentipiko at eksperto sa pagtuklas ng gamot o bakuna laban sa sakit na ito. Ang pinakamainam na gawin ng mga tao ay ang pagpapalakas ng resistensya sa pamamagitan ng: pag-inom ng sapat na tubig (hindi bababa sa 8 baso) araw-araw, pagkain ng tama at masustansyang pagkain, pagkakaroon ng sapat na pahinga at tulog at palagiang pag-eehersisyo.



PAANO MAPIPIGILAN ANG PAGKALAT NG COVID-19?


Ang COVID-19 ay naipapasa ng tao-sa-tao. Ang paglaban sa sakit na ito ay responsibilidad ng lahat. Pangalagaan ang iyong sarili at iba pa sa pamamagitan ng paggawa sa mga sumusunod na 7 simpleng hakbang ng pag-iingat:



Palaging maghugas ng kamay sa loob ng 20 segundo gamit ang sabon at tubig



Umubo o bumahing sa loob ng siko - hindi sa iyong mga kamay o takpan ang bibig at ilong ng tisyu o panyo kung uubo o babahing. Agad itapon nang maayos ang ginamit na tisyu at labhan ang panyo pagkatapos gamitin.



Iwasan ang paghawak sa mga mata, ilong at bibig.

Linisin at i-disinfect ang mga bagay at kagamitan na madalas hinahawakan gamit ang alkohol o sabon at tubig.



Hangga't maaari, panatilihin ang layo sa ibang tao nang hindi bababa sa 6 talampakan o dalawang dipa, lalo na sa matataong lugar.

Manatili sa loob ng tahanan kung ikaw ay may sakit maliban na lamang kung talagang kailangang lumabas (hal. bibili ng gamot o ng medikal na pangangailangan).

Magsuot ng face mask kung kailangang lumabas ng bahay o kung ikaw ay may sakit. Maaaring gumamit ng mga homemade face mask o anumang nalalabhang tela na maaaring gamiting pantakip ng bibig at ilong.



ANO ANG DAPAT GAWIN KUNG IKAW AY NAKARARANAS NG ILAN SA MGA SINTOMAS?

Pinapayuhan ang lahat na sundin ang mga gabay ng Kagawaran ng Kalusugan (Department of Health).



Humingi ng agarang tulong medikal mula sa pinakamalapit at akreditadong health facility kung mayroon kang malalang sintomas. Hangga't maaari, makipag-ugnayan muna sa health facility bago pumunta rito. Maaring ring humingi ng tulong mula sa iyong lokal na pamahalaan. Sa Pilipinas, binuo at itinalaga sa bawat barangay ang mga Barangay Health Emergency Response Team (BHERT) upang ipatupad ang mga hakbang para sa pag-iwas, pagpigil, paghanda at pagtugon sa COVID-19.

Ang mga malulusog na taong nakararanas ng hindi malalang sintomas ay pinapayuhang manatili sa loob ng kanilang mga bahay upang pangasiwaan ang kanilang mga sintomas. Habang nasa bahay, iwasan munang makisalamuha sa ibang miyembro ng pamilya nang hindi bababa sa 14 araw.



Bagamat karaniwang tumatagal ng 5-6 araw bago magpakita o makaramdam ng mga sintomas ang isang taong may impeksyon, may mga kaso ng impeksyon kung saan ang sintomas ng pasyente ay nagpapakita lamang pagkatapos ng 14 na araw.



1 Roman Ayson Road, Baguio City 2600, Philippines
Tel. No. +63 74 444 7703
www.tebtebba.org
tebtebba@tebtebba.org
facebook.com/tebtebbapage
twitter.com/tebtebba

Mga Kredito: Malaking bahagi ng info-material na ito tungkol sa mga epekto ng COVID-19 at mga hakbang na ginagawa ng mga katutubo para masugpo ang COVID-19 ay salig sa mga ambag at report ng mga kasamahan naming mga indigenous partner organizations.

ANG MGA SALIK KUNG BAKIT MAS NAAAPEKTUHAN NG KRISIS NA COVID-19 ANG MGA KATUTUBO

Sa ngayon, wala pang opisyal at komprehensibong impormasyon sa epekto ng COVID-19 sa mga katutubo, bagamat may mga hiwa-hiwalay na ulat tungkol sa kung paano naapektuhan ang mga katutubo sa iba't ibang panig ng mundo.

Ayon sa dating United Nations Special Rapporteur on the Rights of Indigenous Peoples na si Victoria Tauli-Corpuz, mga miyembrong organisasyon ng Elatia (Indigenous Peoples' Global Partnership on Climate Change, Forests and Sustainable Development), UPAKAT (Ugnayang Pambansa Para sa Katutubong Kaalaman at Talino) at iba pang mga network organizations ng Tebtebba, may mga salik na nakakaapekto sa kahandaan ng mga katutubo sa COVID-19, kabilang ang mga sumusunod:



Photo credit: Lelewal



Kawalan ng mga pangunahing pangangailangan at serbisyo (katulad ng tubig, serbisyong pangkalusugan, kalinisan/sanitasyon) at iba pang serbisyo ng gobyerno.

Maraming mga bansa ang wala pang ulat patungkol sa kalagayan ng kalusugan kung saan tukoy ang mga datos kada etnisidad/etniko *(disaggregation by ethnicity)*.





Kakulangan ng kaalaman at pag-unawa sa COVID-19. Karamihan ng mga impormasyon at pagpapayo/advisory ukol sa COVID 19 ay nasa sa wikang Ingles o sa iba pang mga pambansang wika at ang mga ito ay mababasa lamang sa mga dyaryo at makikita sa telebisyon o social media, na hindi abot ng maraming mga katutubo.

Patuloy na sapilitang pagpapaalis/pagtataboy (internal displacement) sa mga katutubong mamamayan dahil sa banta ng mga giyera o armed conflict at mga sapilitang pagkamkam ng lupaing ninuno para sa mga proyektong pangkaunlaran *(development aggression)*.



1 Roman Ayson Road, Baguio City 2600, Philippines
Tel. No. +63 74 444 7703
www.tebtebba.org
tebtebba@tebtebba.org
facebook.com/tebtebbapage
twitter.com/tebtebba

Mga Kredito: Malaking bahagi ng info-material na ito tungkol sa mga epekto ng COVID-19 at mga hakbang na ginagawa ng mga katutubo para masugpo ang COVID-19 ay salig sa mga ambag at report ng mga kasamahan naming mga indigenous partner organizations.



Pagtaas ng panganib o impeksyon sa mga katutubo na nagtatrabaho sa informal economy (mga trabahong walang employer, mga maliliit na kalakal at taga-serbisyo tulad ng ng mga tricycle driver, kasambahay, maliliit na tindero at iba pa) o naninirahan sa mga matatao at maralitang mga pamayanan sa siyudad



Ang mga katutubong kusang humiwalay, bumukod at nagsarili (voluntary isolation), katulad ng mga ibang katutubo sa kagubatan ng Amazon (sa bansang Brazil sa South America), ay mas nanganganib sa mabilis at madaling pagkalat ng sakit, dahil sa mas mahinang resistensya sa mga panibagong sakit at sa layo nila sa mga serbisyo medikal o pagamutan




Hindi madala at maibenta ng ilang mga katutubo na nakadepende sa *cash crop production* ang kanilang mga produkto sa mga pamilihan dahil sa lockdown.



Paggamit ng gobyerno sa pwersang militar sa pagtugon sa pandemya. Sa halip na tingnan at lutasin ang COVID-19 bilang isang problemang pangkalusugan, maraming mga estado ang gumagamit ng dahas (hal. may mga pagkakataon na itinuturing na isang krimen o kriminal ang mga hindi nakakasunod sa mga batas at aliluntunin ng gobyerno, kahit ito ay sanhi ng kahirapan ng kanilang kalagayan na dulot ng pandemya). Ito ay nagiging dahilan ng pagdakip at pagpatay (extrajudicial killing) ng mga ilang mamamayan at katutubo.



Pinalalala ng diskriminasyon ang kahirapan ng maraming mga katutubong pamayanan sa pag-abot ng mga relief at serbisyong pangkalusugan.



Ang pag-uwi ng mga manggagawa galing sa ibang bansa o overseas workers (kung saan malaking bilang ay mga katutubo). Ito ay maaring maging dahilan sa pagkalat ng COVID-19 sa kanilang mga pamayanan, lalo na kung ang mga hakbang at suporta sa kalusugan ay hindi maayos na isinasagawa at ibinibigay ng mga gobyerno.



Dahil sa ipinatutupad na lockdown, ang ilang mga katutubo ay hindi nakakapagtrabaho sa kanilang mga sakahan upang kumuha ng mga pagkain para sa kanilang mga pamilya.

1 Roman Ayson Road, Baguio City 2600, Philippines
Tel. No. +63 74 444 7703
www.tebtebba.org
tebtebba@tebtebba.org
facebook.com/tebtebbapage
twitter.com/tebtebba

Mga Kredito: Malaking bahagi ng info-material na ito tungkol sa mga epekto ng COVID-19 at mga hakbang na ginagawa ng mga katutubo para masugpo ang COVID-19 ay salig sa mga ambag at report ng mga kasamahan naming mga indigenous partner organizations.

PAANO NAAAPEKTUHAN NG COVID-19 AT NG MGA TUGON NG ESTADO ANG MGA KATUTUBO?



Nadagdagan ang kanilang vulnerability dahil sa kahirapan ng pag-abot ng mga pangunahing serbisyo na may kinalaman sa pag-iwas, pagprotekta at paggamot ng COVID-19 sa kanilang mga pamayanan



limitado o walang kita ang maraming katutubo na naninirahan sa lungsod o bayan na madalas ay arawan lamang kung sumahod (daily wage earners) at nakararanas ng matinding pinansiyal na krisis



Mga limitasyon sa pagkilos at pagbyahe dala ng mga lockdown, i.e., mga Maasai ng Kenya at Tanzania, mga katutubo sa Amazon rainforest tulad ng ibinahagi ng COIAB (Coordination of the Indigenous Organizations of the Brazilian Amazon, etc.)




Limitadong pagkukunan ng pagkain dulot ng limitadong pagsasagawa ng mga hanapbuhay tulad ng pagtatanim at iba pang tradisyunal na trabaho ng mga katutubo (hal. ng pagpapastol (pastoralism), pangangaso at pag-iipon ng pagkain mula sa gubat) para sa mga katutubo na nakadepende sa mga rekursong nasa labas ng pamayanan, dulot ng pagsasara ng mga karatig na bayan at mga hangganang-bayan



Pansamantalang paghinto ng mga sistemang pang-produksyon at pangkabuhayan tulad ng pagkakaingin (shifting cultivation), pagkuha ng mga produkto bukod sa troso mula sa kagubatan (o non-timber forest products/NTFP) at iba pa dahil sa mga hakbang upang tugunan ang COVID-19



naantala ang pormal na edukasyon dahil sa pagsasara ng lahat ng pribado at pampublikong paaralan, at isinusulong ang mga online platform sa edukasyon; ang pag-aaral sa online ay mas mahirap para sa mga katutubong nakatira sa mga liblib na lugar at walang access sa mga kinakailangang mga teknolohiya at imprastrukturang pang-komunikasyon



1 Roman Ayson Road, Baguio City 2600, Philippines
Tel. No. +63 74 444 7703
www.tebtebba.org
tebtebba@tebtebba.org
facebook.com/tebtebbapage
twitter.com/tebtebba

Mga Kredito: Malaking bahagi ng info-material na ito tungkol sa mga epekto ng COVID-19 at mga hakbang na ginagawa ng mga katutubo para masugpo ang COVID-19 ay salig sa mga ambag at report ng mga kasamahan naming mga indigenous partner organizations.



Pagtaas ng utang dahil sa pinansyal na kakulangan – dahil dito, napipilitan ang ilang katutubong pamilya na humiram sa mga nagpapautang at/o di kaya'y natutuksong ibenta o tinutukso ng mga ahente na ibenta o ipaupa ang kanilang mga lupain




Nadagdagan ang pasanin at tungkulin ng mga batang babae sa pangangalaga sa mga nakatatanda at may sakit na kapamilya, pati na rin sa mga kapatid na hindi nag-aaral



Pagkakaantala ng mga tradisyunal na aktibidad, seremonya, ritwal at iba pang ispritwal na gawain ng pamayanan na kadalasan ay hindi naaayon sa mga direktiba ng gobyerno. Kabilang dito ay ang mga tradisyunal na pagbati, pagkukuwento, pagbabahaginan ng impormasyon ng kababaihan, mga ritwal at paniniwala sa kapanganakan, kamatayan at kasal



Dumaraming bilang ng mga kaso ng karahasan laban sa mga babae at bata (VAWC). Ayon sa mga ulat na natanggap mula sa mga miyembro ng samahang ECMIA (Continental Network of Indigenous Women of the America), may iilang programang inaalok ang gobyerno at mga katutubong pamayanan at organisasyon, para sa pagtugon sa mga biktima ng karahasan





Ang mga patnubay ng gobyerno ay kadalasang para sa mga naninirahan sa lunsod o bayan lamang, at minsan mahirap ipatupad sa mga malalayong pamayanan ng mga katutubo. Ang mga taga-lunsod ay maaaring manatili sa loob ng bahay ngunit ang mga katutubo ay nahihirapang sumunod dahil sa negatibong epekto nito sa kanilang kabuhayan



Dumaragdag ang sikolohikal at mental na stress dahil sa krisis pinansyal dala ng lockdown at limitadong impormasyon patungkol sa virus lalo na ng mga nakatira sa liblib na lugar

1 Roman Ayson Road, Baguio City 2600, Philippines
Tel. No. +63 74 444 7703
www.tebtebba.org
tebtebba@tebtebba.org
facebook.com/tebtebbapage
twitter.com/tebtebba

Mga Kredito: Malaking bahagi ng info-material na ito tungkol sa mga epekto ng COVID-19 at mga hakbang na ginagawa ng mga katutubo para masugpo ang COVID-19 ay salig sa mga ambag at report ng mga kasamahan naming mga indigenous partner organizations.

PAANO TUMUTUGON ANG MGA KATUTUBO SA COVID-19?

Marami sa mga katutubo ang gumagamit ng mga tradisyonal na mga sistema at pamamaraan sa pagharap sa krisis at kalamidad. Ang ilang mga halimbawa ay:



Ang ilang mga katutubong pamayanan ay nagpatupad ng mga tradisyunal na pamamaraan ng pag-lockdown at /o nagsagawa ng mga ritwal laban sa epidemya at krisis. Ipinatupad ito upang limitahan ang pagpasok at paglabas ng mga indibidwal sa pamamagitan ng pagsasara ng mga hangganan ng pamayanan. Ang ilang mga halimbawa nito ay ang ginawa ng mga Kankanaey Igorot sa Kordillera (ubaya / tengaw), mga Karen sa Thailand ("Kroh Yee" o pagsasara ng nayon) mga katutubo sa Malaysia, Bangladesh at maraming mga bansa sa Latin America (Peru, Chile, Mexico, atbp). Hindi rin pinapayagang makapasok ang mga korporasyon ng langis, gas at mga pagmimina

Paglikom ng pondo para sa biglaang pangangailangan ng mga pamayanan lalo na sa panahon ng tag-init kung kailan karaniwang may kakulangan sa pagkain; pagtatatag ng mga community kitchen para sa mga frontliners, at mga sistema para mapaghandaan ng komunidad ang mga karahasan dahil sa kasarian o gender (gender-based violence);

Ang International Working Group on Indigenous Peoples Living in Voluntary Isolation at Initial Contact sa Amazon at Chaco (PIACI WG) ay nag-alok ng mga panukalang proteksyon kabilang ang kusang paghihiwalay at pagpigil sa pagpasok sa mga tagalabas tulad ng mga minero, nangangalakal ng droga, nagtrotroso, land grabbers, misyonero at mga turista (UN DESA);

Pagbabahagi at pagpapalitan ng pagkain sa mga katutubong pamayanan lalo na sa mga mahihirap. Ang ilang mga lokal na pamahalaang katutubo at malaking bilang ng mga katutubong pamilyang taga-Kordilyera sa Pilipinas ay tinanggihan ang ayudang ibinibigay ng pamahalaan upang maipamigay ito sa ibang mga bayang higit na nangangailangan. Ibinahagi ng AMAN (Alliance of Indigenous Peoples of the Archipelago) sa Indonesia na ang mga katutubong pamayanan ay nakikipagpalitan ng pagkain sa ibang pamayanan upang matugunan ang kakulangan ng pagkain

Pagsasagawa ng tradisyonal na pagpreserba ng pagkain at mga kasanayan sa pagpapagaling at paggamit ng mga tradisyunal na gamot tulad ng sopas na gawa sa mga halamang-gamot upang mapalakas ang immune system;

1 Roman Ayson Road, Baguio City 2600, Philippines
Tel. No. +63 74 444 7703
www.tebtebba.org
facebook.com/tebtebbapage
tebtebba@tebtebba.org
twitter.com/tebtebba

Mga Kredito: Malaking bahagi ng info-material na ito tungkol sa mga epekto ng COVID-19 at mga hakbang na ginagawa ng mga katutubo para masugpo ang COVID-19 ay salig sa mga ambag at report ng mga kasamahan naming mga indigenous partner organizations.

Pagbibigay ng mga serbisyo publikong impormasyon at mga mahahalagang mensahe sa pamamagitan ng sulat, SMS, social media at broadcast sa radyo sa iba't ibang mga katutubong wika ng ilang mga katutubong organisasyon at mga suportang grupo (hal. Mayan Language Academy (ALMG), Cultural Survival, CONFENIAE sa Ecuador, CHIRAPAQ sa Peru, ECMIA sa Latin America);

Napapakinabangan ang mga tradisyunal na sistema ng pagpapagaling ng komunidad para sa mga sakit na hindi COVID-19

Pagtatatag ng mga quarantine centers sa komunidad at pamimigay ng mga pangunahing kagamitan sa paglilinis sa katawan tulad ng mga sabon at balde, thermometer at jackets pati na rin ang pagtatatag ng psychological-support plan para sa mga social worker at para sa mga taong nag-iisang namumuhay o nahihirapan sa pananatili sa loob ng bahay

Ang ilang mga katutubong organisasyon ay namamahagi ng mga impormasyon sa mga katutubong pamayanan patungkol sa COVID-19, paano ito naipapasa, ano ang mga sintomas nito at paano mas mapangalagaan ang sarili; may mga nagbibigay din ng serbisyo tulad ng pagpapayo o counseling. Halimbawa, ang Native Women's Association sa Canada ay nagtalaga ng emergency line kung saan maaaring kumausap ng mga wise women (mga kababaihan sa tribu na may dunong) para sa payong espirituwal at emosyonal na suporta

Paglulunsad ng mga online market kung saan maaaring magbenta ang mga katutubo ng kanilang mga produkto sa mga mamimili sa lungsod

Pagtatala sa kalagayan ng mga katutubong pamayanan sa gitna ng COVID-19. Ang National Indigenous Organization of Colombia (ONIC) ay mayroon nang sariling sistema ng pagsubaybay sa teritoryo at ginagamit din ang sistemang ito upang mangalap ng mga impormasyon tungkol sa sitwasyon ng mga katutubo ng Colombia na may kaugnayan sa populasyon, makatao (humanitarian), teritoryo at kapaligiran sa gitna ng pandemya




Photo credit:
EcoHimal Nepal

1 Roman Ayson Road, Baguio City 2600, Philippines
Tel. No. +63 74 444 7703
www.tebtebba.org
tebtebba@tebtebba.org
facebook.com/tebtebbapage
twitter.com/tebtebba


Mga Kredito: Malaking bahagi ng info-material na ito tungkol sa mga epekto ng COVID-19 at mga hakbang na ginagawa ng mga katutubo para masugpo ang COVID-19 ay salig sa mga ambag at report ng mga kasamahan naming mga indigenous partner organizations.

ANG ILANG MGA PAMAHALAAN SA BUONG MUNDO AY NAGSISIMULANG TUMULONG SA MGA KATUTUBO

KABILANG NA ANG ILANG MGA HALIMBAWA (Pinagmulan: UN DESA)



Ang mga pamahalaan ng Colombia, Guatemala, Mexico, Peru at Pilipinas ay nagpalabas ng mga patnubay kaugnay sa COVID-19 sa katutubong lenggwahe/wika




Ang mga pamahalaan ng Canada at US ay nagtalaga ng tiyak na suportang medikal at pangkabuhayan sa mga katutubong pamayanan



Sa Australia, nagtatag ang pamahalaan ng National Indigenous Taskforce upang bumuo ng emergency response plan para sa mga Aboriginal upang sugpuin ang maaaring pagkalat ng COVID-19



Photo credit: Koraput



Ang mga pamahalaan ng Pilipinas, Kenya at iba pang mga bansa ay namigay ng mga pagkain at pangangailangang pangkalusugan sa mga pamilya; sa Pilipinas nagkaroon ng Social Amelioration Program (SAP) ang DSWD upang mabigyan ng tulong pinansyal ang mga nangangailangang pamilya

1 Roman Ayson Road, Baguio City 2600, Philippines
Tel. No. +63 74 444 7703
www.tebtebba.org
tebtebba@tebtebba.org
facebook.com/tebtebbapage
twitter.com/tebtebba

Mga Kredito: Malaking bahagi ng info-material na ito tungkol sa mga epekto ng COVID-19 at mga hakbang na ginagawa ng mga katutubo para masugpo ang COVID-19 ay salig sa mga ambag at report ng mga kasamahan naming mga indigenous partner organizations.

PARA SA MGA KARAGDAGANG IMPORMASYON TUNGKOL SA COVID (PARA SA PILIPINAS)

Upang higit na maliwanagan sa iba pang mga impormasyon o mga madalas na tinatanong tungkol sa COVID, mangyaring bisitahin ang mga sumusunod na link mula sa Kagawaran ng Kalusugan (DOH):

- English - https://www.doh.gov.ph/COVID-19/FAQs
- Filipino - https://www.doh.gov.ph/COVID-19/FAQs-Filipino
- Ilokano - https://www.doh.gov.ph/COVID-19/FAQs-Ilokano
- Kapampangan - https://www.doh.gov.ph/COVID-19/-FAQs-Kapampangan
- Sebwano - https://www.doh.gov.ph/COVID-19/FAQs-Sebwano
- Waray - https://www.doh.gov.ph/COVID-19/FAQs-Waray
- Meranaw - https://www.doh.gov.ph/COVID-19/FAQs-Meranaw
- Kinaray-a - https://www.doh.gov.ph/COVID-19/FAQs-Kinaray-a
- Pagasinan - https://www.doh.gov.ph/COVID-19/FAQs-Pangasinan
- Bikol - https://www.doh.gov.ph/COVID-19/FAQs-Bikol
- Hiligaynon - https://www.doh.gov.ph/COVID-19/FAQs-Hiligaynon

Para sa mga opisyal na anunsyo at advisories, inaanyayahan ang lahat na bumisita at kumuha lamang ng impormasyon sa mga opisyal na DOH channels:

- Website: https://www.doh.gov.ph/2019-nCoV
- Facebook: https://www.facebook.com/OfficialDOHgov/
- Twitter: https://twitter.com/DOHgov

Ang mga materyales ng DOH para sa health promotion (hal. infographics, social media cards, atbp.) ay maaaring gamitin at i-reproduce nang libre para sa mga komunidad.

KARAPATANG PANTAO SA GITNA NG PANDEMYA

Upang higit na maliwanagan sa iyong mga karapatan sa panahon ng pagpapatupad ng mga community quarantines, mangyaring bisitahin ang Facebook Page ng Commission on Human Rights of the Philippines sa @chrgovph sa Facebook o Messenger.

Mayroon silang mga paliwanag sa mga sumusunod

- Ano ang community quarantine at ang ibat-ibang antas nito?
- Ano ang enhanced Community Quarantine (ECQ)?
- Ano ang Modified Enhanced Community Quaranine (Modified ECQ)
- Ano ang general community quarantine?Bakit kailangan ang checkpoints?
- Ano ang gagawin mo kung ikaw ay nasa checkpoint at hinarang ng military or awtoridad?
- Anong gagawin mo kung ikaw ay inaresto?

CHR Tanggol Karapatan E-lawyering

- NCR: chr_ncr2017@yahoo.com; (0919) 444 7720 (Smart)
- Investigation Office: (0915) 077 0097 (Globe); (0950) 369 9026 (Talk N'Text)
- Legal Division: elawyering.ld.chrp@gmail.com

SOCIAL AMELIORATION PROGRAM (SAP)

Mga DSWD hotlines para sa mga katanungan tungkol sa SAP

Para sa mga tawag:

- GLOBE, 0916-247-1194;
- SMART, 0947-482-2864
- SUN, 0932-933-3251

Para sa pagpapadala ng mga text: 0918-912-2813
e-mail: sapgrievances@dswd.gov.ph

Hinihikayat din kayo na bumisita sa pinakamalapit na tanggapan ng DSWD o dumulog sa mga opisyal ng barangay para sa iba pang mga kaugnay na katanungan.

TULONG PARA SA KARAHASAN LABAN SA MGA KABABAIHAN AT MGA BATA

Kayo ay hinihikayat na agad humingi ng tulong mula sa lokal na pamahalaan (barangay) o pinakamalapit na tanggapan ng pulisya.

Legal Assistance

Public Attorney's Office (PAO)
02) 8929-9436 local 106, 107 or 159 (Local "0" for operator
Mobile: (+63) 939-3233665
email: pao_executive@yahoo.com

Police/Investigation Assistance

PNP Hotline: 177
Aleng Pulis Hotline: (+63) 919 777 7377

1 Roman Ayson Road, Baguio City 2600, Philippines
Tel. No. +63 74 444 7703
www.tebtebba.org
tebtebba@tebtebba.org
facebook.com/tebtebbapage
twitter.com/tebtebba

Mga Kredito: Malaking bahagi ng info-material na ito tungkol sa mga epekto ng COVID-19 at mga hakbang na ginagawa ng mga katutubo para masugpo ang COVID-19 ay salig sa mga ambag at report ng mga kasamahan naming mga indigenous partner organizations.

PNP-Women And Children Protection Center (WCPC)
24/7 AVAWCD Office: 8532-6690
Email: wcpc_pnp@yahoo.com / wcpc_vawcd@yahoo.com / avawcd.wcpc@pnp.gov.ph

NBI-Violence Against Women and Children Desk (VAWCD)

Hotline: (02) 8525-6028
Email: vawcd@nbi.gov.ph

PARA SA MGA MANGGAGA-WANG NAAPEKTUHAN ANG TRABAHO DAHIL SA COVID-19

Department of Labor and Employment (DOLE)

Hotline: 1349
O magsumite ng katanungan sa: https://query.dole.gov-.ph/queries/submit
Para sa impormasyon tungkol sa kung paano mapigilan ang COVID 19 at iba pang programa ng DOLE sa mga manggaga-wang naapektuhan ang trabaho sa kalupaan at karagatan dahil sa Corona Virus: https://www.dole.gov.ph/covid-19-mitigat-ing-measures/

Philippine Oversease Employment Administration (POEA) Hotlines

8722 1144, 8722 1155 (24/7)
0961 603 3530 (8:00 am to 5:00 pm)
0927 534 5134 (5:00 pm to 1:00 am)

Overseas Workers Welfare Administration (OWWA)

Hotline for OWWA progams and services: 1348
Please visit the links: www.owwa.gov.phor https://owwa.gov-.ph/index.php/news/central/96-adviso-ry-on-dole-akap-cash-assistance

HUMAN TRAFFICKING

Inter-agency Council Against Trafficking

- Action line Against Human Trafficking: 1343 o +632 (1343) kung nasa labas ng Metro Manila o Pilipinas

Para sa SMART Subscribers: I-text ang "ENDOSEC [space] [message/report]" sa 7444-64

PNP - Women and Children Protection Center (WCPC)
Luzon: 0945 863 2235
Visayas: (032) 410 8483
Mindanao: 0928 604 6425; 09171806037

WCPC Anti-Trafficking in Persons Division
Landline: (02) 8 420 6460

NBI Anti-Human Trafficking Division
Landline (02) 8 521 9208

PNP Aleng Pulis
Smart: 0919777 7377

Bantay Bata 163
Landline (toll-free): 163
Globe (toll-free): #163
Smart: 163

PARA SA MENTAL HEALTH AT WELL-BEING

Narito ang ilan sa mga online consultations/psychotherapy at mga workshop na mayroon sa Philippines:
(Pinagmulan: https://asiasociety.org/philippines/men-tal-health-time-covid-19)

1. National Center for Mental Health Crisis Hotline (NCMH-USAP)
   Serbisyo: nagbibigay ng suporta sa kalusugang pangkaisipan sa lahat ng apektado ng COVID-19
   Makipag-ugnayan sa 0917-899-USAP (8727) o 7-989-USAP (8727)
2. Philippine Mental Health Association, Inc. (PMHA) Online Support
   Serbisyo: nagbibigay ng suporta sa kalusugang pangkaisipan sa lahat ng apektado ng COVID-19
   Makipag-ugnayan sa 0917-565-2036 o pmhaacds@gmail.com / pmha.eard@gmail.com
3. UP Diliman Psychological Services (UPD PsychServ)
   Serbisyo: nagbibigay ng serbisyong telepsychotherapy para sa healthcare frontliners
   Makipag-ugnayan sa 0906-374-3466

Philippine Red Cross Hotline para sa mga katanungan tungkol sa COVID (kasama ang suportang psychological at pagwawasto/pag-kokonekta ng family links:

Hotline: 1158/ 143
O: https://redcross.org.ph

MGA ILANG OPURTUNIDAD NA NAGPOPONDO PARA SA PAGTUGON SA COVID-19

https://wphfund.org/covid19/

MGA ILAN PANG PINAGMULAN/REFERENCES:
https://www.doh.gov.ph/2019-nCov/infographics

1 Roman Ayson Road, Baguio City 2600, Philippines
Tel. No. +63 74 444 7703
www.tebtebba.org
tebtebba@tebtebba.org
facebook.com/tebtebbapage
twitter.com/tebtebba

Mga Kredito: Malaking bahagi ng info-material na ito tungkol sa mga epekto ng COVID-19 at mga hakbang na ginagawa ng mga katutubo para masugpo ang COVID-19 ay salig sa mga ambag at report ng mga kasamahan naming mga indigenous partner organizations.



Pinasasalamatan namin ang mga susumunod sa kanilang mga ambag para sa info-material na ito.

KONTRIBYUTOR

Nicky Batang-ay
June Cadalig Batang-ay
Abigail Kitma
Ruby Bangilan-Española
Eleanor Dictaan-Bang-oa
Bernice See
Maribeth Bugtong-Biano
Grace Balawag
Florence Daguitan

EDITOR

Helen Biangalen-Magata

LAYOUT ARTIST

Paul Michael Q. Nera

1 Roman Ayson Road, Baguio City 2600, Philippines
Tel. No. +63 74 444 7703
www.tebtebba.org
tebtebba@tebtebba.org
facebook.com/tebtebbapage
twitter.com/tebtebba

Mga Kredito: Malaking bahagi ng info-material na ito tungkol sa mga epekto ng COVID-19 at mga hakbang na ginagawa ng mga katutubo para masugpo ang COVID-19 ay salig sa mga ambag at report ng mga kasamahan naming mga indigenous partner organizations.